







# Ano ang 'Mga Pagtataya ng Heat Wave na Nakabase sa Epekto'?

Nagkakaloob ang Korea Meteorological Administration (KMA) ng mga pagtataya ng Heat wave na nakabase sa epekto upang maiwasan ang pinsalang hatid ng Heat waves. Ang mga pagtataya ng Heat wave na nakabase sa epekto ay nagtataya ng inaasahang epekto ng Heat waves sa iba't ibang sektor, gayundin ng mga tugon na nakabase sa epekto at sektor.

## Mga Sektor

Nagkakaloob ang KMA ng impormasyon ng pagtataya ng Heat wave na nakabase sa epekto para sa anim na pangunahing sektor na apektado ng Heat waves

 <b>Kalusugan</b> (Pangkalahatang publiko, mga bulnerableng grupo)	 <b>Industriya</b>	 <b>Paghahayupan</b>
 <b>Agrikultura</b>	 <b>Aquaculture</b>	 <b>Iba pa</b> (Trapiko, Sunog, Blackout)

## Mga Antas ng Peligro

Nakakategorya ang mga peligro ng Heat waves sa apat na color-coded na antas.

Mga Antas ng Peligro	Pamantayan
 <b>ATENSIYON</b>	Maaaring maapektuhan ang pang-araw-araw na buhay ngunit ang ilang mga epekto ay malamang sa mga bulnerableng grupo.
 <b>ABISO</b> <small>Pagmasid sa Heat Wave</small>	Inaasahang mangyari ang mababang antas ng pinsala sa ilang mga bahagi ng apektadong sektor.
 <b>BABALA</b> <small>Babala sa Heat Wave</small>	Inaasahang mangyari ang kapansin-pansing pinsala sa maraming bahagi ng apektadong sektor. Inaasahang tatagal ang epekto sa maikling panahon.
 <b>PANGANIB</b> <small>Babala sa Heat Wave</small>	Inaasahang mangyari ang pinsala sa malaking bahagi ng apektadong sektor at maaaring mangyari ang matinding pinsala sa ilang mga bahagi. Inaasahang tatagal ang epekto sa mahabang panahon.


# para sa Ligtas na Tag-init! Suriin ang Antas ng Peligro ng Heat Wave



Inilalabas ang pagtataya ng Heat wave na nakabase sa epekto sa ganap na 11:30A.M na ang epekto ng Heat waves ay inaasahang nasa antas-ng-atensiyon o mas mataas sa sektor ng kalusugan sa susunod na araw.

### Impormasyon sa Panahon para sa Mga Manggagawa sa Labas

Bisitahin ang webpage ng [Impormasyon sa Panahon para sa Mga Manggagawa sa Labas](#) upang masuri ang mga pagtataya ng Heat wave na nakabase sa epekto at iba pang impormasyon sa panahon



QR Code para sa Impormasyon sa Panahon para sa Mga Manggagawa sa Labas



### KMA Weather App

Magpadala sa iyo ang **KMA Weather App** ng push notifications ng mga pagtataya ng heat wave na nakabase sa epekto. I-download ang KMA Weather App ngayon na!



Android



iOS



para sa mga Manggagawa sa Labas

# Mga Pagtataya ng Heat Wave na Nakabasesa Epekto para sa Industriya



# Paano makaraos sa heat wave?

☞ Suriin ang impormasyon ng panahon tulad ng mga pagtataya ng heat wave na nakabase sa epekto.

Ang mga pagtataya ng heat wave na nakabase sa epekto (para sa sektor ng industriya) ay nagkakaloob ng impormasyon tulad ng mga antas ng peligro at mga pagtugon na aksiyon sa mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na maiuugnay sa init.

## Pamantayan para sa Mga Pagtataya ng Heat Wave na Nakabase Epekto para sa Industriya

### Mga Antas ng Peligro

### Pamantayan (ang pinakamataas na kapansin-pansing temperatura)

**ATENSIYON**

**31°C o mas mataas pa sa loob ng dalawang araw o higit pa**

**ABISO**  
(Pagmasid sa Heat Wave)

**33°C o mas mataas pa sa loob ng dalawang araw o higit pa**

**BABALA**  
(Babala sa Heat Wave)

**35°C o mas mataas pa sa loob ng dalawang araw o higit pa**

**PANGANIB**  
(Babala sa Heat Wave)

**38°C o mas mataas pa sa loob ng isang araw o higit pa**

※ Kapansin-pansing temperatura: Ang katumbas na temperaturang napapansin ng mga tao, na idinulot ng pinagsamang mga epekto ng temperatura ng hangin, relatibong halumigmig, at bilis ng hangin.

**Alalahanin ang tatlong bagay upang maiwasan ang mga sakit na may kaugnayan sa init: Tubig, Silungan, at Pahinga!**



Magsuplay ng malamig at malinis na **tubig**



Maghanda ng **masisilungan** (pahingahan) na malapit sa lugar ng trabaho



Kapag naglabas ng special heat wave statement **magpahinga** nang hindi bababa ng 10-15 minuto kada oras, at iwasang gumawa ng panlabas na trabaho tuwing kasagsagan ng init ng araw mula alas-2 hanggang alas-5 ng hapon.

# Mga Hakbang sa Kaligtasan para sa Industriya kontra sa Heat Waves ayon sa Antas ng Peligro

Mag-ingat sa mga sakit na may kaugnayan sa init!

Antas ng Peligro	Mga Hakbang sa Kaligtasan
<b>ATENSIYON</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magpaskil ng mga payong pangkaligtasan at magkaloob ng edukasyong pangkaligtasan upang maiwasan ang mga sakit na may kaugnayan sa init.</li> <li>Maglaan ng sapat na dami ng malamig at malinis na tubig, pati na rin ng daan sa silungan upang makapagpahinga.</li> <li>I-check ang mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init, at tukuyin at hatiin nang maaga ang mabibigat na gawain.</li> </ul>
<b>ABISO</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magsuplay ng malamig at malinis na tubig para sa mga manggagawa, at pahintulutan silang makapahinga sa silungan nang 10 minuto kada oras.</li> <li>Pagpahingahin nang mas mahaba ang mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init o yaong mga gumagawa ng mabibigat na trabaho.</li> <li>Bawasan o modipikahin ang oras ng pagtatrabaho sa labas mula alas-2 hanggang alas-5 ng hapon.</li> <li>Gumamit ng mga bagay na pampalamig tulad ng cooling vest o ice packs kapag nagtatrabaho sa labas.</li> <li>Laging gumamit ng safety helmets, safety belts, at iba pang kagamitang pamprotekta ng sarili kahit na sa mainit panahon.</li> <li>Mag-ingat sa pagkahulog o iba pang mga aksidente sa kaligtasan dahil sa kahirapang makakonsentra.</li> <li>Kailangan ng mga manggagawang magmasid sa isa't isa para sa mga senyales ng mga sakit na may kaugnayan sa init at kung kinakailangan ay magsagawa ng mga hakbang pang-emergency.</li> </ul>

Antas ng Peligro	Mga Hakbang sa Kaligtasan
<b>BABALA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magsuplay ng malamig at malinis na tubig para sa mga manggagawa, at pahintulutan silang makapahinga sa silungan nang 15 minuto kada oras.</li> <li>Pagpahingahin nang mas mahaba ang mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init o yaong mga gumagawa ng mabibigat na trabaho.</li> <li>Iwasan ang oras ng pagtatrabaho sa labas mula alas-2 hanggang alas-5 ng hapon, pero, kung hindi maiiwasan, mamahinga nang sapat para makapagpalamig.</li> <li>Gumamit ng mga bagay na pampalamig tulad ng cooling vest o ice packs kapag nagtatrabaho sa labas.</li> <li>Limitahan ang panlabas na trabaho ng mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init tulad ng heat stroke.</li> <li>Laging gumamit ng safety helmets, safety belts, at iba pang kagamitang pamprotekta ng sarili kahit na sa mainit panahon.</li> <li>Mag-ingat sa pagkahulog o iba pang mga aksidente sa kaligtasan dahil sa kahirapang makakonsentra.</li> <li>Kailangan ng mga manggagawang magmasid sa isa't isa para sa mga senyales ng mga sakit na may kaugnayan sa init at kung kinakailangan ay magsagawa ng mga hakbang pang-emergency.</li> </ul>
<b>PANGANIB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magsuplay ng malamig at malinis na tubig para sa mga manggagawa, at pahintulutan silang makapahinga sa silungan nang 15 minuto kada oras.</li> <li>Pagpahingahin nang mas mahaba ang mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init o yaong mga gumagawa ng mabibigat na trabaho.</li> <li>Ihinto ang lahat ng panlabas na gawain mula alas-2 hanggang alas-5 ng hapon maliban kung mga hakbang pang-emergency para sa mga sakuna o mga aksidente sa kaligtasan. Kung hindi maiiwasan ang panlabas na gawain, mamahinga nang sapat.</li> <li>Gumamit ng mga bagay na pampalamig tulad ng cooling vest o ice packs kapag nagtatrabaho sa labas.</li> <li>Limitahan ang panlabas na trabaho ng mga manggagawang bulnerable sa mga sakit na may kaugnayan sa init tulad ng heat stroke.</li> <li>Laging gumamit ng safety helmets, safety belts, at iba pang kagamitang pamprotekta ng sarili kahit na sa mainit panahon.</li> <li>Mag-ingat sa pagkahulog o iba pang mga aksidente sa kaligtasan dahil sa kahirapang makakonsentra.</li> <li>Kailangan ng mga manggagawang magmasid sa isa't isa para sa mga senyales ng mga sakit na may kaugnayan sa init at kung kinakailangan ay magsagawa ng mga hakbang pang-emergency.</li> </ul>

※ Ang impormasyon sa itaas ay batay sa mga isinagawang aksiyon sa yugto ng heat wave sa "Guide to Three Basic Rules to Prevent Heat Stroke during a Heat Wave" na inilathala ng Ministry of Employment and Labor.